Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

7:4

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG MAYO18, 2009, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:20 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. ALAN T. PAMATMAT ........ | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Louie C. de Leon ........ | Kagawad |
| Kgg. Ramon D. Tan ........ | Kagawad |
| Kgg. Jun M. Asinas ........ | Kagawad |
| Kgg. Romulo A. Elca ........ | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco ........ | Kagawad |
| Kgg. Oscar F. Feliciano ........ | Kagawad |
| Kgg. Isagani R. Malapaya ........ | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kgg. John Carlos C. delos Reyes ..... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Laura P. Obligacion ........ | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat ........ | Kagawad |

## KAPASIYAHAN BLG. 109-T2009

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAUTUSAN SA LAANG GUGULIN BLG. 01-T2009 NG KGG. SANGGUNIANG BARANGAY NG SAN JUAN NA NAGKAKAHALAGA NG ISANGDAAN DALAWAMPU'T DALAWANG LIBO APATNARAAN DALAWAMPU'T SIYAM NA PISO AT DALAWAMPU'T TATLONG SENTIMOS (P122,429.23) MULA SA SURLUS NG BARANGAY NG TAONG 2008 UPANG ILAAN SA MEDICINE (P30,000.00), STREETLIGHT (P65,000.00) AT TITLING (P1,000.00) SA ILALIM NG 20% DEVELOPMENT FUND AT CASH GIFT (P26,429.23) NG NABANGGIT NA BARANGAY.**

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 19-T2009/Kautusan sa Laang Gugulin Blg. 01-T2009 ng Sang. Brgy. San Juan na nagkakahalaga ng P122,429.23 mula sa Surplus ng barangay taong 2008 upang ilaan sa Medicine (P30,000.00), Streetlight (P65,000.00) at Titling (P1,000.00) sa ilalim ng 20% development fund at Cash Gift (P26,429.23) ng nabanggit na barangay.

**SAPAGKA'T,** ang nasabing kahilingan ay napaliwat sa Lupon sa Pananalapi para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKA'T,** matapos ang pagsusuri at pag-aaral ng mga kasapi ng naturang lupon sa paglilipat at paglalaan ng pondo ng nabanggit na barangay ay inirekomendang pagtibayin na ito.

**SAPAGKA'T,** lahat ng mga laang gugulin ng barangay ay itinatagubiling iayon sa mga tuntunin sa pagbabadyet, pagtutuos at pag-a-awdit.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi), na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. John Carlos C. delos Reyes at Jun M. Asinas at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kautusan sa Laang Gugulin Blg. 01-T2009 ng Sang. Brgy. San Juan na nagkakahalaga ng P122,429.23 mula sa Surplus ng barangay taong 2008 upang ilaan sa Medicine (P30,000.00), Streetlight (P65,000.00) at Titling (P1,000.00) sa ilalim ng 20% development fund at Cash Gift (P26,429.23) ng nabanggit na barangay.

**INIUUTOS**: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos at Sang. Brgy. San Juan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: Alan T. Pamatmat
**KGG. ALAN T. PAMATMAT**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: **KGG. ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan

Republic of the Philippines
Province of Laguna
**MUNICIPALITY OF SANTA CRUZ**
Cailles Street, Poblacion III, Santa Cruz, Laguna
Telephone Number - (049) 808-1008

Rec'd 6-17-09
Date/Time

## OFFICE OF THE MAYOR

**1st Endorsement**
June 17, 2009

Respectfully forwarded to the Honorable Members of the **SANGGUNIANG BAYAN**, thru **Ms. JEANETTE P. ALFONSO**, *Secretary,* the herewith attached **Kapasiyahan Blg. 110 – T'2009 / KAUTUSANG BAYAN Blg. 11-T'2009** duly approved by the undersigned.

For information and appropriate action.

**ARIEL T. MAGCALAS**
Municipal Mayor